Filipino

Pagpapakilala ng

# Mga Pamantayan ng Kinakailangang Pagkatuto sa Victoria

## Mahalagang kaalaman para sa mga magulang tungkol sa bagong pamamaraan sa pagkatuto ng mag-aaral at mga pamantayan sa mga paaralan sa Victoria

VICTORIAN CURRICULUM AND ASSESSMENT AUTHORITY

**Ang Mga Pamantayan ng Kinakailangang Pagkatuto sa Victoria** ay nagkakaloob ng isang bagong pamamaraan sa kurikulum mula sa Prep hanggang sa Year 10 para sa lahat ng mga paaralan sa Victoria. Binabalangkas ng Mga Pamantayan kung ano ang mahalagang matutuhan ng mga mag-aaral at paunlarin ang kanilang panahon sa paaralan. Hinangad ang mga ito upang gumanyak ng isang malalim na pag-unawa ng kinakailangang kaalaman, mga kasanayan at mga pag-uugali. Ang Mga Pamantayan ay gagamitin upang planuhin ang pagkatuto ng mag-aaral, tasahin ang progreso ng mag-aaral at pampaaralang ulat para sa mga magulang.

Ang Mga Pamantayan ay binuo pagkatapos ng pambansa at pandaigdigang pananaliksik ng Victorian Curriculum and Assessment Authority (VCAA). Isinagawa ang mga talakayan sa mga guro ng Victoria at mga pagsasangguni sa mga pangedukasyong grupo at sa malawakang komunidad. Kasama na rito ang mga kinatawang grupo ng mga magulang sa mga pangunahing lunsod at rehiyon ng Victoria. Tumanggap ang VCAA ng mahigit na 1000 mga kasagutan at mga paghaharap (submissions) bilang bahagi ng konsultasyong ito.

## *Ang pangangailangan para sa bagong pamamaraan*

Nagbabago ang mga inaasahan para sa mga kabataan. May mabuting mga paaralan ang Victoria, mabuting mga programa at mabuting mga guro, subalit mahalagang ipagpatuloy na siyasatin kung paano natututo ang mga mag-aaral at ano ang kanilang mga pangangailangan upang maging matagumpay sa kanilang pagkatuto.

Layunin ng Mga Pamantayang tugunin ang mga hamon sa paghahanda ng kabataan para isang daigdig na ang kaalaman ay lubhang pinahahalagahan at laging nagbabago, isang daigdig na ang gawain, lipunan, komunidad at ang personal na pakikitungo ay saklaw ng dumaraming masalimuot na panggigipit.

Ang mga kabataan ay kailangang magkaroon ng isang malawak na hanay ng kaalaman at panlipunan, pampersonal at pangkaisipang mga kasanayan upang maging matagumpay. Mapapaunlad ng Mga Pamantayan ang mga kabataan sa pamamagitan ng kanilang pag-aaral at maihahanda sila para sa mga huling taon ng kanilang pag-aaral sa:

- Victorian Certificate of Education (VCE)
- Victoria Certificate of Applied Learning (VCAL).

Makukuha rin ang mga programa sa Vocational Education and Training (VET) bilang bahagi ng alinmang VCE o VCAL.

## *Ano ang mananatili? Ano ang magbabago?*

Magpapatuloy ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kaalaman at pang-unawa sa mga lawak (areas) ng tradisyonal na asignatura, tulad ng Ingles, Agham, Matematika, mga Pangsangkatauhan (Humanities), mga Wika at ang mga Sining. Gayunpaman, ang bagong pamamaraan ay iniuugnay ang mga tradisyonal na larangang ito na mas malapit sa ibang mahahalagang bahagi ng pagkatuto ng pampisikal, pampersonal at panlipunang mga kasanayang pag-unlad at kakayahang gamitin ang kaalamang ito sa tunay na buhay. Bilang bahagi ng mga bagong pamamaraang ito ang mga pamantayan ay itinatatag sa ilang mga lawak tulad ng pagbubuo ng panlipunang mga relasyon, pagpapaunlad ng kasanayan at komunikasyon.

## *Ang tatlong mga hibla (strands) ng pagkatuto*

Ang Mga Pamantayan ng Kinakailangang Pagkatuto sa Victoria ay inihanda sa tatlong pangunahing mga hibla o mga lawak. Ang mga ito ay:

- kaalaman at pag-uunawa sa mga mahahalagang asignatura ng Ingles, Agham, Matematika, Mga Pangsakatauhan, mga Wika at ang mga Sining.
- pampisikal, pampersonal at panlipunang mga kasanayan tulad ng pagiging masigla, malusog, pagpapaunlad ng pagtitiwala sa sarili, pamamahala ng pansariling pagkatuto at pakikipagtrabaho sa kapwa.
- ibang mga kinakailangang kasanayan na ginagamit sa buong lawak ng kurikulum tulad ng pag-iisip, hangarin, paglutas ng suliranin, pakikipag-ugnayan, at paggamit ng impormasyon at mga pang-ugnayang teknolohiya.

Ang mga lawak na ito ay mahalaga sa pag-unlad ng isang kasiya-siya at may sariling-pagtitiwalang kabataan. Ang mga ito ay palagiang bahagi ng karanasan ng mga kabataan, subalit di laging malapitang iniuugnay sa mga lawak ng tradisyunal na asignatura. Ang pagbubuklod-buklod ng mga ito ang siyang magbibigay diin ng kanilang mga kahalagahan at katuturan sa pagkatuto ng mag-aaral.

## *Lumalago ang Mga Pamantayan sa Pagdaraan ng Panahon*

May kurikulum na pagtatasa na ng maraming taon ang Victoria at mga pamantayan sa mga paaralan. Mayroong isang matibay na pananaw kung minsan na kung ano ang dapat ituro sa mga paaralan ay siya namang totoong gumigitgit sa programa. Ang bagong Mga Pamantayan ay magbibigay sa mga paaralan nang mas maraming panahong harapin nang lubusan ang mga magkakaibang prayoridad na naayon sa gulang ng bata at sa antas ng kanilang edukasyon.

Kinikilala ng bagong Mga Pamantayan ang mga kinakailangang malaman at magawa ng mga mag-aaral sa pagsulong nila sa iba't ibang mga bahagdan ng kanilang pag-aaral. Ang Mga Pamantayan ay matatag na nagiging mapanghamon habang umuunlad sila sa pagtatapos ng Year 10.

Sa ilalim ng bagong Mga Pamantayan, sa Maagang mga Taon (Prep hanggang sa Year 4) patuloy na mayroong malaking pagpapahalaga sa karunungan sa pagbasa at pagsulat (literacy) at karunungan sa pagbilang (numeracy). Bilang dagdag, may mas malaking

pagpapahalaga sa kalusugan, pampisikal na edukasyon at pakikipagkapuwang kaunlaran.

Habang lumilipat ang mga mag-aaral sa paaralang primarya, may dagdag na mga lawak na nagmumula sa tatlong hibla ang ipapasok sa programa ng mag-aaral, mga lawak tulad ng agham, impormasyon at mga komunikasyon, teknolohiya, at mga pambayan (civics) at pagkamamamayan. At habang ipinapasok ang mga bagong lawak, ipagpapatuloy ang pagbibigay-halaga at pagpapabuti sa karunungan sa pagbasa at pagsulat at sa karunungan sa pagbilang.

Sa katapusan ng paaralang primarya ang Mga Pamantayan ng Pangangailangang Pagkatuto sa Victoria ay magbibigay ng isang malinaw na tulay sa paaralang sekondarya. Ang Mga Pamantayan ay magbibigay ng matibay na mga pundasyon para sa mga mag-aaral mula sa primarya hanggang sa sekondaryang paaralan.

Ang mga guro sa mga paaralang primarya at sekondarya ay magkakaroon din nang magkatulad na pagsasaligan na kung saan makakapagtalakayan sila sa isa't-isa na siyang nauukol sa mga lakas at mga hamon ng bawa't bata.

Sa paaralang sekondarya, patuloy na kukunin ng Mga Pamantayan ang tatlong mga hibla at ipapakita ang mga pagkatutong pangangailangan ng mga mag-aaral at sa panahon ng kanilang pag-aaral. Sa mga Year 9 at 10 kinikilala ng Mga Pamantayan na ang mga mag-aaral ay nagbubuo na nang mas malaking kalayaan ng pag-iisip at sariling-hilig at naghahanap na nang mas malalim na kaugnayan sa kanilang pagkatuto at sa kanilang mga pangkinabukasang landas.

## *Kailan ito mangyayari?*

- Patuloy na ipapasok ang Mga Pamantayan sa lahat ng mga paaralan ng Victoria mula sa Enero 2006 na magsisimula sa Ingles at sa Matematika. Sa 2005, lahat ng mga paaralan ay ipakikita ang bagong mga pamaraan ng pag-uugnay ng pagkatuto sa kanilang mga programa ng kurikulum at nagsisimula nang magkaroon ng mga pagbabago upang tiyaking mayroon silang mga programang nakalaan upang ihatid ang Mga Pamantayan.
- Habang patuloy na ipinapasok ang bagong Mga Pamantayan sisiyasatin nila ang mga prinsipyo ng pagkatuto at pagtuturo at pagpapabuti ng mga pamaraan ng pagtatasa at pag-uulat. Ang VCAA at ang Kagawaran ng Pagtuturo at Pagsasanay ay magpapatuloy na magbibigay ng impormasyon sa mga paaralan at mga magulang sa panahon ng pagsasakatuparan ng Mga Pamantayan.

## *Papaano kayo makakakuha ng karagdagang impormasyon?*

- Dalawin ang Standards website sa http:/vels.vcaa.vic.edu.au
- Tawagan ang VCAA sa (03) 9651 4544 o 1800 134 197 (mga taga-rehiyong tumatawag).
- Para sa impormasyon sa Blueprint para sa Pampamahalaang mga Paaralan dalawin ang www.sofweb.vic.edu.au/blueprint/
- Makipag-ugnay sa paaralan ng inyong anak.

## *Papaano kami makakalahok?*

- Tanungin ang sanggunian ng inyong paaralan o ang prinsipal hinggil sa pamaraan ng pagtanggap ng inyong paaralan para sa mahalagang pagbabagong ito.
- Tanungin ang inyong paaralan ano ang mamamalagi o ano ang magbabago bilang resulta ng Mga Pamantayan.
- Dumalo sa mga sesyon ng impormasyon sa Mga Pamantayan ng Pangangailangang Pagkatuto sa Victoria, magtanong at mag-ambag ng kaalaman.

Isang malaking pagkakataon ito para sa ating lahat upang ipako ang pansin sa mga kabataan at kung papaano sila matuto.

© VCAA 2005

Published by
VICTORIAN CURRICULUM AND ASSESSMENT AUTHORITY
41 St Andrews Place East Melbourne Victoria 3002 Australia
TELEPHONE +61 3 9651 4300 FACSIMILE +61 3 9651 4324
EMAIL vcaa@edumail.vic.gov.au
WEB www.vcaa.vic.edu.au

Victoria
The Place To Be